


**Abstract**

This is a flash-fiction collection about the life and experiences of teachers in the middle of the pandemic. It talks about ethics, politics, and the moral values of a teacher; who is also a person, a parent, a wife, a daughter, a lover, a voter, a bread-winner, a human who is just being herself/himself; and surviving.

**Keywords**

Teacher, module, ethics, educational system, politics, learning

# ALERT LEVEL 1

**HANNAH A. LECEÑA**

## I. Modular

Lagi ko siyang nakikitang nagbabalik ng modyul.

"Di ba sabi ko bawal magshorts?" wika ko sa kanya sa katamtamang boses.

Ngiti lang ang sagot niya habang isa-isang isinisilid sa kahon ang mga modyul na tulad ng iba pang modyul na nakasalansan sa aking mesa, walang laman kundi mga patlang pa rin at mga tanong.

"Ma'am, kailan po ang face-to-face?" tanong niya sa akin.

"Mag-a-announce kami sa GC," sagot ko.

Noong sumunod na araw hindi na siya naka-shorts. Naka-pajama na siya ngunit kitang-kita ang kanyang pusod sa suot na *crop top*. Kalahati ng kanyang batang katawan ang natatambad.

"Bawal dito ang ganyan kaiksing damit," wika ko ulit sa kanya habang ini-staple ang ilan pang mga papel sa mesa. Iniisip kung ito na lang ba ang papel ko sa buhay nila.

"Sorry po, Ma'am," tugon niya.

Tumango ako.

Isinilid niya sa *plastic envelope* ang kanyang mga bagong modyul na sasagutan.

"Kailan po ang *face*-to-*face,* Ma'am?" muli niyang tanong.

"Baka sa susunod na taon na," tugon ko sa kanya.

Noong sumunod na araw, linggo at ilang buwang hindi ko na siya nakita.

Nagpadala na rin ako ng mensahe sa GC kung sino ba ang nabakunahan at hindi pa.

Agad siyang pumunta sa paaralan noong araw din na 'yon.

Hindi na siya naka-shorts.

Mas lalong hindi naka-crop top.

Natambad sa akin ang kanyang murang katawan, ang kanyang tiyan na ngayon ay tila lobong hinipan. Tinatakpan niya iyon ng mga papel.

Dala-dala niya pa rin ang mga modyul na alam kong walang laman kundi mga patlang at puwang na hindi pa rin nasasagutan.

## II. Simulation

Abala ang lahat sa paaralan para sa *simulation* ng *limited face-to-face classes*. Lahat kami ay inilagay sa iba't ibang estasyon. Nag-mower ang guwardiyang si Mauricio. Nagkatubig ang mga gripo. Biglang nagkaroon ng klinik ang paaralan. Nagsisulputan ang mga CCTV, *hand sanitizer,* at *alcohol*. Nilagyan ng mapa ang *bulletin board*. May *isolation area*.

Sa araw ng *simulation,* si Teacher Gab ang nakatoka sa *log book* para sa *attendance*. Si Sir Lary ang nagche-check ng *body temperature* ng mga bata. Si Miss Jade naman ang nasa "klinik." Si Ma'am Mia ang nagbabantay sa *isolation area*. At ako ang guro sa loob ng klasrum.

"Kumusta, mga bata?"

Bati ko sa kunwaring masiglang boses sa mga kunwaring masisiglang mag-aaral para sa kunwaring tagpo na 'yon, sa kunwaring *simulation* ng isang mapagkunwaring mundo, na kunwari ay handa na nga kami sa muling pagbabalik-eskuwela para sa kunwaring bagong normal.

At sumagot sila sa mapagkunwaring boses,

"Maayos naman po, Binibini!"

Ngumiti ako habang kinukuhanan kami ng mga retrato para sa dokyumentasyon.

## III. Co-teacher

Magmula noong pandemya, ginawa na nilang tahanan ang paaralan. Itinuring nila itong bahay: tulugan, kusina, paliguan, palikuran, pahingahan. Mayroon na ritong kutson, butane, keratin, napkin, condom, at iba pa.

Madalang na rin silang bumaba sa bukid bukod sa abala sa pag-aala-DJ o News Anchor para sa *Radio-Based Instruction*.

Natatakot din sila sa posibleng *landslide* sa tuwing masama ang panahon.

Marami rin silang kailangan pang gawin. Halimbawa, ang bisitahin ang mga bata para turuan silang magbasa, pati ang sabay na pamimigay ng mga modyul, radyo, at pekeng *flash drive*.

Minsan lang din silang mag-flag ceremony. Pero lagi silang nagdarasal na sana walang NPA na maligaw sa kanila para manghingi ng bigas na isasaing.

Bumaba lang din sila noong halalan para bumoto.

At bumalik ulit para sa mga kailangang tapusin.

Magmula noong pandemya, minsan na lang umuwi si Ma'am Noemi at Sir Jerome sa kanilang mga asawa.

## IV. Work From Home

Tamang-tama, *work-from-home* siya ngayon. Hindi niya kailangang pumunta sa paaralan para mag-print o mag-check ng sangkatutak na papel. Maaga pa rin siyang bumangon. Nagluto, kumain, naligo, nagbihis, at pumunta sa tindahan ni Aleng Belen. Kailangan niya ang *Piso Wifi* para sa *online attendance.* Hindi siya puwedeng umabsent. Makakaltasan siya ng sahod. Katunayan, kapiranggot na lang din ang kanyang natatanggap kada-kinsenas dahil sa kanyang mga loan. Dalaga pa siya pero marami siyang pinapakain. Wala siyang ipon. *Breadwinner*.

Agad siyang naghulog ng piso sa *machine*. Tumigil ang *machine* sa pagpalahaw. At agad na tumunog ang kanyang selpon.

Ting! Ting! Ting!

Mga mensaheng ngayon niya lang natanggap sa *messenger*.

Nag-navigate siya sa kanilang *online attendance app* at nag-encode.

Log in

AM.

Last Name: PECAJOS
First Name: ARLENE
Enter.

Agad namang nag-confirm ang *system* na *successfully logged in* na siya.

Ngumiti siya. Pagkatapos ay umuwi sa kanilang bahay. May mga order pang idedeliver niya sa kanyang mga suki.

## V. Pusit

"Bakit ngayon ka lang nagpakita?" tanong ko sa kanya.

"Nangisda, Ma'am," sagot niya sabay ngiti. Lumitaw ang biloy sa kanyang pisngi.

"Ma'am, dinalhan kita ng mga pusit," wika niya sabay abot sa akin ng malaking supot ng sariwang mga pusit. Mas umitim siya. Sing-itim ng dagta ng kanyang mga huling pusit. Sunog ang balat.

"Ano 'yan? Suhol? Hindi 'yan puwede! Nasaan na ang mga modyul mo?" sagot ko sa kanya sa pabirong tono.

"Share da blessings di ba, Ma'am. Ganyan po motto ko ngayon," sagot niya.

"Okay lang kahit walang pusit, basta ang sagutan mo ang mga modyul mo," wika ko at ngumiti.

Tumango siya. Ngumiti, nang pilit.

At hindi na siya nagpakita sa akin, kahit kailan.

## VI. Classroom Structuring

Hindi siya sanay na 'yon na ang nakikita niyang larawan sa gitna ng kanilang klasrum. Pero kailangan. Nakapaglinis na siya sa loob at labas ng kanilang silid-aralan. Kompleto na ang mga basurahan. Malinis na ang upuan pati ang pisara. Bago ang kanilang luntiang kurtina at may *reading corner* na rin sila katabi ng lumang *printer* malapit sa may bintana. Pinuno niya ng mga libro ang maliit na *bookshelf*. Pinagmasdan niya ang kabuuan ng silid. Handa na siya para sa pasukan. Pero hindi pa rin siya sanay na nakikita ang larawang iyon. Ipinadikit niya ito sa asawa. Sa itaas na bahagi, sa ibabaw ng *flat screen* na TV. Bukod sa hindi niya abot, hindi niya lang kayang itabi ang mukha na 'yon sa mga bayaning sina Lapu-Lapu, Gabriela Silang, Tandang Sora, Apolinario Mabini, Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, at General Luna. Hindi siya komportable na ang mukhang 'yon ang kaniyang nakikita araw-araw. Kung puwede lang manatiling blangko ang bahaging 'yon. Kung puwede lang na hindi siya tumingala sa

tuwing tinitingnan ang kabuuan ng kanilang klasrum. Paano niya kaya maaatim na araw-araw makita ang mukha ng anak ng diktador?

## VII. Red Tag

Ma'am, sino'ng presidente mo?

: Si Leni. Bakit po?

: Ha? Si Leni, di ba NPA 'yon?

: May ebidensiya ka ba?

: W-wala. Pero maka-rebelde 'yon.

: (Buntong-hininga)

: NPA ka rin ba?

: Alam mo bang nang-re-red-tag ka ngayon?

Nagtinginan silang dalawa habang pinagtitinginan sila ng kanilang mga estudyante.

## VIII. Yellow Bus

Wala nang Covid. Hindi naniniwala ang mga tao sa virus, pati si Ser Leo. Kung saan-saan na sila nagpupupunta kasama ang mga kaibigan. Sa mall, sa Strawberry farm, sa sinehan, sa rally ng mga politiko, sa Baywalk, sa Boracay noong pagkatapos ng election, sa kanilang mga kapitbahay na umuwi galing ibang bansa. Hindi na siya takot sa pandemya. Hindi na sila takot sa pandemya. Hanggang sa:

"Bus na libreng sakay sumabog sa bayan ng Koronadal kahapon, mga gurong pasahero, sugatan!"

Muling gumapang ang takot sa kanya.

## IX. Grado

"Pandemic ngayon, ipasa n'yo lahat ng dapat ipasa!" wika ng kanilang *school principal*.

Nagkatinginan ang dalawang guro.

Mukhang kailangan nila ulit mag-magic.

At magdadalawang taon na nila itong ginagawa.

## X. Graduation

Sa wakas, *graduate* na sila!

Makakapagmartsa na sila. Makakapagsuot ng toga. Matatanggap at mahahawakan ang kanilang diploma at masasabitan na ng medalya.

Napangiti si Ma'am Lea. Ngunit agad ding naglaho ang ngiti niya nang maalala si Rose.

Si Rose na uminom ng *muriatic acid* isang taon na ang nakalipas. Namatayan ito ng ina dahil sa panganganak. Hindi ito tinanggap sa isang ospital sa bayan dahil sabi ng guwardiya puno na.

## XI. Online

Sa group chat, umuulan ng mga *forwarded messages* tungkol sa mga politiko at sa pangakong itataas ang sahod ng mga guro. Lumitaw ang napakaraming pangalan.

Magre-reply na sana si Teacher Fina ng "fake news spotted." Pero agad na nag-send ang kanilang *school principal* ng *video*.

Video ng nanalong presidente. Sa isang iglap lang ay naging kulay pula ang kanilang *group chat.* At umulan ng kulay DP sa Facebook. Nagpalit din ng kulay-pulang *profile* ang kanyang mga *co-teacher* at iilang kaibigan.

Natigilan si Teacher Fina. Hindi kulay-puso ang kanyang nakikita kundi dugo, dugo.